# Walang kabilang sa mga propeta na isang propeta malibang binigyan ng tulad nito, na natiwasay sa kanya ang tao

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nagsabi ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan): "Walang kabilang sa mga propeta na isang propeta malibang binigyan ng tulad nito, na natiwasay sa kanya ang tao. Tanging ang ibinigay sa akin noon ay isang kasi na ikinasi ni Allāh sa akin. Kaya nag-aasam ako na ako ay maging pinakamarami sa kanila sa tagasunod sa Araw ng Pagbangon."}
[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Bumanggit ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang mga propeta sa kabuuan nila ay inalalayan ni Allāh at binigyan ng mga tanda at mga himalang pambihira na naisasapatunay sa pamamagitan ng mga iyon sa pagkapropeta nila at nag-aatas ng pananampalataya ng sinumang nakasaksi sa mga iyon hinggil sa katapatan nila at na siya ay napanaigan sa hamon sa punto na hindi siya nakakakaya sa pagtulak sa mga iyon palayo sa sarili niya subalit maaaring magkaila siya saka magmatigas siya. Tunay na ang tanda niya at ang himala niya (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay ang Qur'ān na ikinasi ni Allāh sa kanya dahil sa nilaman nito na maliwanag na nagpapatuloy na pagpapawalang-kakayahan sa iba dahil sa dami ng benepisyo nito at pagkapangkalahatan ng kapakinabangan nito dahil sa pagkasaklaw nito sa pag-anyaya, katwiran, at pagpapabatid hinggil sa mangyayari. Kaya naisapangkalahatan ang kapakinabangan nito sa sinumang nakadalo at sinumang nakaliban at sinumang nakatagpo at sinumang matatagpuan. Pagkatapos nagsabi siya: "Kaya nag-aasam ako na ako ay maging pinakamarami sa kanila sa tagasunod sa Araw ng Pagbangon."



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee